



## ***Pinaglilingkuran Niya ang mga Aba***

(Pambungad na Panalangin)

### **I. ANG TATLONG PAGBASA**

#### **UNANG PAGBASA** (Kar 2:12,17-20)

<sup>12</sup>SINABI ng mga masasamang tao: “Tambahan natin ang mga taong matuwid, pagkat hadlang sila sa ating mga balak; ipinamumukha nila sa atin ang pagsuway sa kautusan, at sinasabing tayo’y nagkasala laban sa kaugalian. <sup>17</sup>Tingnan natin kung ang salita nila’y magkakatotoo, kung ano ang mangyayari sa kanila pagka-matay nila. <sup>18</sup>Kung ang mga matuwid ay anak nga ng Diyos, sila ay tutulungan niya at ililigtas sa mga kaaway. <sup>19</sup>Subukin natin silang dustain at pahirapan, upang malaman natin kung hanggang saan ang kanilang kagandahang-asal, at kung hanggang kailan sila makatatagal. <sup>20</sup>Subukin nating ibingit sila sa kamatayan, yamang ang sabi nila ay iingatan sila ng Diyos.”

Tema: **Ang Taong Matuwid**

#### **PAGPAPALIWANAG**

- Ang paksa ng teksto ay ang taong matuwid at ang pagpapalano laban sa kanya ng mga masasama.
- Nais nilang pahirapan siya sapagkat siya ay hindi sumasang-ayon sa kanilang mga baluktot na gawain (b. 12).



- Nais nilang hamunin ang Diyos kung kanya nga bang ipagtatanggol ang taong matuwid (b. 18).
- Nais nilang subukin siya upang malaman nila kung siya nga ba talaga ang may mabuting kalooban at kung hanggang kailan siya makatatagal (b. 19)..
- Nais nilang puksain siya nang kanilang masubukan ang kanyang pagtitiwala sa salita ng Diyos.
- Ipinapakita ng pagbasa ang mga gawain ng masasama laban sa matuwid at ang mga gawain ng Diyos para sa kanya.

#### **PAGNINILAY**

Ipinapaalala sa atin ng Pagbasa na ang mga taong matuwid (ang mga makatotohanan) ay hindi rin ligtas mula sa mga pakana at sabwatan laban sa kanya (mga negatibong enerhiya).

Kayang panginigin ng iisang taong matuwid ang sandamakmak na mga masasamang tao. Isipin mo na lang ang isang pulutong ng mga masasama na nagsasabwatan laban sa iisang inosenteng tao!

Kung tutuusin, ang paghamon sa isang taong matuwid ay katumbas rin ng paghamon sa Diyos.

Binibigyan ng lakas ng loob ng Pagbasa ang taong matuwid upang manatili siya sa kanyang kabutihan. Pinapaalalahanan nito ang mga masasama na kailangan na nilang tanggalin sa kanilang isip ang kanilang mga pinaplano sapagkat mananaig ang Diyos sa kanilang mga baluktot na sabwatan.

Ang mga taong matuwid (yaong mga mabubuti, nagsisikap upang magpakabanal, may kapayapaan sa puso, at mabait at makatarungan) ay ang mga ginagamit ng Maykapal sa pagpapalayas sa mga masasamang elemento sa mundo.

### **SALMONG TUGUNAN (Slm 53)**

#### **ANG DIYOS ANG S'YANG TUMUTULONG AT SA AKI'Y NAGTATANGGOL.**

### **IKALAWANG PAGBASA (San 3:16—4:3)**

<sup>16</sup>MGA KAPATID, saanman naghahari ang inggit at makasariling hangarin, maghahari din doon ang kaguluhan at lahat ng uri ng masamang gawa. <sup>17</sup>Ngunit ang may **karunungang** mula sa Diyos, una sa lahat, ay may **malinis na pamumuhay**. Siya'y **maibigin sa kapayapaan, mahinahon, mapagbigay, mahabagin, at masipag sa paggawa ng mabuti, hindi nagtatangi at hindi nagkukunwari**. At namumunga ng **katwiran** ang binhi ng kapayapaang inihahasik ng taong maibigin sa **kapayapaan**.

**4** <sup>1</sup>Ano ang pinagmumulan ng inyong **alitan** at **paglalaban-laban**? Hindi ba't ang masasamang nasa na namumugad sa kalooban ng bawat isa sa inyo, at pawang nagkakalaban-laban? <sup>2</sup>Mayroon kayong pinakamimithi ngunit hindi ninyo makamtan, kaya't papatay

kayo kung kailangan, mapasainyo lamang ito. Dahil sa inyong pag-iimbot sa bagay na hindi inyo, kayo'y nagkakagalit at naglalaban-laban. <sup>3</sup>Hindi ninyo nakakamtan ang inyong minimithi, sapagkat hindi kayo humihingi sa Diyos. At humingi man kayo, wala rin kayong natatanggap, sapagkat masama ang inyong layunin—humihingi kayo upang gamitin sa kalayawan.

Tema: **Karunungan vs. Kalayawan**

### **PAGPAPALIWANAG**

- Ang paksa ng teksto ay karunungan at ang bunga nito: kapayapaan.
- Ang kabaligtaran ng karunungan ay kalayawan o pagpapasasà.
- Binibigyang-diin ng teksto ang mga resulta ng kalayawan: mga digmaan, alitan, baluktot na gawain, pagkamapag-imbót, kawalan ng pag-aari, pagkawalang saysay ng mga panalangin at hindi katuparan ng mga hiling.
- Kalayawan = pagka-inggit, makasariling hangarin.
- Ang kalayawan o pagpapasasà ay salungat sa Diyos at sa kanyang katuruan ukol sa karunungan.
- Samantala, ang karunungan ay mula sa Diyos: mapayapa, maamo, mapagbigay, punô ng awa... tingnan ang b. 17.

### **PAGNINILAY**

Ipinapakita ng Sulat ni Santiago na ang ugat ng lahat ng kaguluhan sa mundo ay ang mga kalayawan o pagpapasasà.

Ang sanhi ng mga digmaan at kaguluhan ay ang kalayawan (pagkainggit, makasariling hangarin, atbp).

Kailangang suriin ng bawat isa ang kanyang sarili kung ano nga ba talaga ang dapat maghari sa puso ng isang Kristiyano: kalayawan ba o karunungan?

Ang kalayawan ay nakikita sa

‘di makontrol na mga damdamin, hindi-makatuwirang pag-uugali, kawalang kakayahang makinig sa katuwiran, labis-labis na pagnanasa sa mga bagay...

Ang kalayawan sa positibong pananaw ay isang masidhing damdamin. Ang masidhing damdaming ito ang maaring pagmulan ng pagnanais na tulungan ang mahihirap, itama ang mali, atbp.

### **MABUTING BALITA (Mc 9:30-37)**

#### ***Pagbanggit ng magiging kapalaran ng Anak ng Tao ngunit hindi ito naunawaan***

<sup>30</sup>NOONG panahong iyon, si Hesus at ang kanyang mga alagad ay nagdaan sa Galilea. Ayaw ni Hesus na malaman ito ng mga tao, <sup>31</sup>sapagkat tinuturuan niya ang kanyang mga alagad. Sinabi niya: “Ang Anak ng tao ay ipagkakanulo at papatayin, ngunit muling mabubuhay sa ikatlong araw.” <sup>32</sup>Hindi nila naunawaan ang sinabi niya, ngunit natatakot naman silang magtanong sa kanya.

#### ***Pagtatalo: Sino ang pinakadakila?***

<sup>33</sup>At dumating sila sa Capernaum. Nang sila’y nasa bahay na, tinanong ni Hesus ang kanyang mga alagad, “Ano ba’ng pinagtatalunan ninyo sa daan?” <sup>34</sup>Hindi sila kumibo, sapagkat ang pinagtatalunan nila’y kung sino sa kanila ang pinakadakila.

#### ***Ang pinakadakila sa lahat***

<sup>35</sup>Naupo si Jesus, tinawag ang Labindalawa at sinabi, “Ang sinumang nagnanais maging una ay dapat maging huli sa lahat, at maging lingkod ng lahat.” <sup>36</sup>Tinawag niya ang isang maliit na bata, at pinatayo sa harapan nila. Pagkatapos, kinalong niya ito at sinabi, <sup>37</sup>“Ang sinumang tumanggap sa isang maliit na batang tulad nito alang-alang sa akin ay tumanggap sa akin; at sinumang tumanggap sa akin—hindi ako ang kanyang tinanggap kundi ang nag-sugo sa akin.”

Tema: **Pagiging Lingkod ng Tanan**

### **PAGPAPALIWANAG**

- May dalawang bahagi ang Pagbasa:
  - b. 30-32: ukol sa Anak ng Tao.
  - b. 33-37: ukol sa pinakadakila.
- Sa Anak ng Tao:
  - ‘Di naunawaan ng mga alagad ang mga detalye.
    - Natatakot silang itanong kung sino ang pinakadakila.
    - Maaring inilipat nila ang paksa ng kanilang pag-uusap tungo sa kung anong mangyayari sa Anak ng Diyos na siyang pinakadakila.
    - Napukaw ang pansin ni Hesus sa kanilang pagtatalo kaya’t nagbigay siya ng kanyang kasagutan.
    - Ayon kay Hesus, ang pinakadakila ay ang pinaka-aba at naglilingkod sa tanan.
    - Pagpapaliwanag pa niya: ang naglilingkod sa tanan ay isinasama ang isang batang paslit sa kanyang misyon.
    - Ang bata ay kumakatawan sa mga nagbagong-loob, sa mga bagong miyembro ng pamayanan (Pierik).

### **PAGNINILAY**

Kung nais nating maging pinakadakila, kailangang maging lingkod tayo sa lahat.

Bilang mga lingkod sa tanan, kinikailangang tanggapin at yakapin natin ang mga bagong miyembro ng ating pamayanan, yaong mga naninibago pa sa paraan ng ating pamumuhay.

Batid ni Hesus ang kahalagahan ng pagbibigay-halaga sa kanila. Ang dapat maging pokus ng ating atensyon ay sila at hindi ang ating mga sarili.

Ang pinakaunang gawain ng isang Kristiyano ay ang paglilingkod sa mga baguhan (tulad ng mga sanggol) ng walang

pag-iimbot. Tanggapin, akayin, at yakapin sila nang kanilang madamang sila'y bahagi ng ating pamilya at pamayanan.

Bilang mga lingkod sa kanila, nangangahulugan itong kailangan nating turuan sila, katesismuhan, ng buong puso (at hindi maging sanhi ng iskandalo para sa kanila).

## II. PAG-UUGNAY

Ipinababatid ng Unang Pagbasa ang kapalaran ng taong matuwid.

Inilalarawan naman ng Ikalawang Pagbasa ang pamumuhay sa karunungan.

Ang Ebanghelyo nama'y nagsasalaysay ukol sa kung sinong pinakadakila.

Ating ibaling ang ating pansin kay Hesukristo, ang taong matuwid (Unang Pagbasa), siya ang namuhay na matuwid at

ayon sa karunungan (Ikalawang Pagbasa), na nagturo kung sino ang pinakadakila (Ebanghelyo). Kung tutuusin, ang pinakadakila (ang naglilingkod sa tanan) ay si Hesukristo mismo.

## III. SALAMIN NG BUHAY

1. Ano ang mga katangian ng isang tunay na pinunong pastoral? Maaring makapagbahagi ng isang paglalarawan gamit ang presentasyong biswal o kaya naman ay sa pagpapaliwanag. (HM)

**-Pagpapaliwanag: Fr. Cielo Almazan, OFM**  
-Isinalin ni Cl. Jhon Fred Caranzo, SSP

(Pangwakas na Panalangin)

### PAMBUNGAD NA PANALANGIN

Kristo, aming Panginoon, Ikaw ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Itulot mong makamit namin ang Iyong dakilang pag-ibig sa pamamagitan ng iyong Apostol na si San Pablo at ng Simbahang Katolika. Ipadala Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang maalaala namin ang lahat na Iyong mga ipinangangaral.

*Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo. Kapara ng sa una, ngayon at magpakailanman*

### VERBUHAY (Filipino Edition)



### PANGWAKAS NA PANALANGIN

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa Iyo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa aming sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinapasalamatan dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maaalala sana namin at mapangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagnilay-nilayan ang mga ito sa aming puso.

Panginoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay, maawa Ka sa amin.  
*Luwalhati...* (mula sa *Prayers of the Pauline Family*)